# Krisis sa Komunikasyon

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Oktubre 30, 2021

Ang kasalanan ay isang pagkakasala laban sa batas na moral. Ito ay kasuklam-suklam sa mata ng Diyos at dahilan para mahiwalay tayo sa Kanya. Mawawala ang lahat pati na ang protekyson ng Diyos at ang ating magandang pakikisama kung di tayo sumusunod sa Kanya. Kung ang Diyos ay parang tahimik, maaaring nakaharang sa daanan ang ating kasalanan. Kaya, magsisi at muling bumalik sa grasya ng Diyos upang mabuo muli ang ating relasyon sa Kanya.

**1. Pagsuway**

1.1 Ang pagsuway ay ang hindi pagsunod sa mga tuntunin at sa awtoridad. Ito ay ang hindi natin paggawa sa kagustuhan ng Diyos para sa atin.

1.2. Ang ating unang magulang ay pinalayas sa paraiso noong nagawa nila ang kasalanang orihinal. Tulad nila, ang mga sumusuway ay nahuhulog sa bitag ng demonyo.

1.3. Pananagutan natin ang lahat nating kilos. Maaari tayong sumuway sa Diyos, sa ating mga magulang, sa ating simbahan at sa lahat ng may kapangyarihan. Tulad ng *cancer*, maaaring kumalat ito hanggang mauwi sa kamatayan.

1.4. Pinadala ng Diyos ang Kanyang Pinakamamahal na Anak upang sagipin tayo sa walang hanggang kamatayan. Tinubos tayo ng dugo ni Hesus. Gusto Niya tayong ituwid at disiplinahin para maipagkaloob Niya ang Kanyang pagpapala.

**2. Ganap na Pagsunod**

2.1. Si Noah ang perpektong halimbawa nang ganap na pagsunod. Saktong-sakto ang ginawa niyang daong ayon sa panukala ng Diyos (Gen.7).

2.2. Ang mga mangingisda ay ganap din ang pagsunod; hinagis nila ang kanilang lambat sa dagat at nakahuli sila ng napakaraming isda (Lk.5:1-11). Nagkaroon ng milagro noong sumunod sila kay Hesus.

**3. Kung sumusuway tayo sa Diyos, kasalanan ang**

3.1. naghihiwalay sa atin sa Kanya.
3.2. nagpapalungkot sa Kanya.
3.3. dahilan ng kaguluhan.
3.4. nagiging dahilan ng kasawian at kamatayan.

**4. Ang Pagsuway ni Saul (1Sm.15)**

Inutusan ng Diyos si Saul na sugurin at patayin ang mga Amalekites, ngunit hindi ganap na sumunod si Saul sa Diyos. Iniligtas niya ang ilan at itinabi niya ang pinakamagagandang hayop para sa sakripisyong handog. Nagkasala siya dahil hindi ganap ang kanyang pagsunod sa Diyos.

**4.1.** Nawala ang korona at pamamahala ni Saul. Pinagsisihan ng Diyos ang pagluklok niya kay Saul bilang hari at ipinagkait Niya ang Kanyang pagpapala. Inalis ng Diyos ang kaharian kay Saul at ibinigay kay David.

**4.2.** Lumayo si Saul sa Diyos. Naghanap siya ng monumento para sa kanyang sarili. Lagi siyang nagpapalusot sa Diyos.

**4.3.** Niloko ni Saul ang kanyang sarili. Nagsinungaling siya nang kasalukuyang naririnig niya ang pag-iyak ng mga tupang iniligtas niya.

**4.4.** Nangatwiran si Saul sa kanyang pagkakasala. Sinisi niya ang ibang sundalo sa hindi pagpatay sa lahat ng tupa.

**4.5.** Masama siyang halimbawa bilang isang pinuno. Nagkakasala ang mga tao dahil sa kanya.

**4.6.** Si Saul ay hindi nagsisi. Kaya, naputol ang kanyang ugnayan sa Diyos.

**4.7**. Nawala rin ang ugnayan niya sa mga manananampalataya. Nagkahiwalay na ng landas sina Samuel at Saul.

**4.8.** Nawalan na ng pag-asa si Saul (1Sm.28:4-25). Naging kaaway na siya ng Diyos. Nawalan na siya ng lakas at nagpatiwakal. Dagdag pa nito, namatay ang lahat niyang mga anak at sundalo.

**Konklusyon:**

Kung ang Diyos ay tumigil na sa pakikipag-ugnayan sa atin, isipin natin kung ano ang maaaring hadlang sa ating relasyon sa Kanya. Baka may nagawa tayong mga mali na hindi ikinalugod ng Diyos. Magsisi tayo at magbalik loob muna sa Kanya.

**Pagninilay:**

1. Nagtataka ka ba kung bakit hindi sinasagot ng Diyos ang iyong mga panalangin?
2. Ano ang iyong mga pagkukulang na kailangan mong aminin at ihingi ng kapatawaran?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Kasalanan#Pagsuway#Pagsisisi